# KAUNLARAN AT PAGPAPAHALAGA

S. V. EPISTOLA

Bago natin harapin ang problema ukol sa debelopment ng Ilokos, mabuti yatang linawin muna natin kung ano ang ibig sabihin ng salitang "debelopment." Sa ganitong paraan lamang natin mapagagaan ang paglutas sa problemang ito ng Ilokos.

Sa mga siyensiyang panlipunan na binuo sa Kanluran, mayroon nang tiyak na kahulugan ang salitang "debelopment." Ang "progreso," na lalo pang matagal na ginagamit kaysa "debelopment," ay totoong napamahal sa mga pilosopo ng Paris noon pang ika-18 dantaon. Ang "progreso" ay kanilang inimbento bilang pantukoy sa nadiskubre nilang kakayahan ng taong magbago para sa ikabubuti ng nakararami sa lipunan.

Ginagamit ang mga salitang "debelopment" at "progreso" bilang mga pantukoy sa isang uri ng pagbabagong panlipunan. Marami ang nagaganap na pagbabago sa lipunan, ngunit hindi lahat ng mga pagbabagong ito ay tinataguriang "debelopment" o "progreso." Ang ibig sabihin nito ay hindi dahil pag bago ang isang pangyayari matatawag na itong "debelopment" o "progreso".

Mayroon tayong nasaling ditong natatagong problema. Ito ay madalas na dinadaandaanan lamang at hindi pinag-uukulan ng anumang pansin. Ngunit ang problemang ito ay mapanganib iwasan o ipagwalang-bahala na lamang kaya. Ang sinumang nagpapanukala ng debelopment sa alinmang rehiyon ng alinmang bayan sa ibabaw ng lupa ay nagpapanukala ng mga pagbabagong panlipunan. Ngayon ay nagpapanukala tayo ng debelopment para sa Ilokos at sa mga Ilokanong namamayan sa rehiyong ito. Alam man natin ito o hindi, tayo ang nagpapanukala ng mga pagbabagong panlipunan sa sambayanang Ilokano. Kung tayo ay tanungin kung ang ating ipinanunukalang mga pagbabago sa kabuhayan at buhay ng mga Ilokano ay debelopment nga, ano naman kaya ang ating maisasagot?

Ang isang kasagutan sa tanong na ito ay matatagpuang nakapaloob sa katuturan ng "debelopment" o ng "progreso" man. Tulad ng

Philippine Center for Advanced Studies.

nsabi ko na, may sadyang katuturan ang mga salitang ito sa mga siyensiyang panlipunan sa Kanluran. Malinaw ang ibig sabihin ng "debelopment" at ng "progreso" dahil kaugnay ang mga salitang ito sa isang teoryang nauukol sa pagbabagong panlipunan, ang teorya ng ebolusyon.

Ayon sa teoryang ito, nagbabago ang lahat ng mga lipunan sa balat ng lupa. May tanging sangkap ang balangkas at kalinangan ng bawat lipunan. Ang bisa ng tanging sangkap na ito ang siyang nagtutulak sa lipunan na magbago o magsagawa ng mga pagbabago. Samakatuwid hindi maiiwasan ng isang lipunan ang pagbabago. Naisin man o hindi ng mga mamamayang bumubuo ng lipunan, magbabago't magbabago ang kanilang lipunan. Sa ganitong pagbabago ang isang lipunang tradisyonal ay nagdaraan sa yugto ng pagbabagong-kalagayan tungo sa tinatawag na modernidad, sa pagkamakabago.

Sapagkat mga Amerikano ang mga dalubhasang nagtulungtulong na bumuo sa teoryang ito ng pagbabago, ang salitang "modernidad" ay nagkaroon ng isang uri ng katuturang naaangko sa karanasang panlipunang Amerikano. Sa pagpapakahulugang naaayon sa teoryang binuo ng mga Amerikano, moderno o makabago na ang isang lipunan sa sandaling ito ay magkaroon ng mga katangiang katulad ng mga katangiang karaniwang mamamasdan sa lipunang Amerikano sa panahon natin. Sa perspektibang ganito hindi maiiwasan ang pagbabago ng lahat ng mga lipunang tradisyonal tungo sa kanilang pagiging mistulang lipunang Amerikano.

Sa liwanag na inihahasik ng teoryang ito ng ebolusyon, lumilitaw na mayroong isang malapad at mahabang daan sa kasalukuyang tinatalunton ng lahat ng mga lipunan sa silong ng ating langit. Magkakasunod ang mga lipunan sa kahabaan ng daang ito. May mga lipunang nauuna sa karamihan. Ang mga ito ang binabansagang "developed societies." May mga lipunan namang nahuhuli. Ang mga ito ang tinatawag na "under-developed societies." Lahat ay patungo sa modernidad. Lahat ay nagsisikap o tinutulungang magkaroon ng mga katangian ng lipunang Amerikano. Sa ngalan ng debelopment, isaisang hinuhubad nila ang mga katangian ng kultural at lipunang kanilang kinagisnan at kanila namang isinusuot ang gayak ng modernidad na nagbibigay sa kanila ngayon ng kaanyuang Amerikano.

Idako lamang natin ang ating pansin sa mga panukalang isinasakatuparan sa maraming bansang naghahangad ng debelopment at ating makikita agad ang bisa ng teoryang ito ng ebolusyon na siyang nagtutulak sa maraming mga lipunan na iwan ang sariling kultura at isakbat ang kulturang industriyalisado ng mga Amerikano. Sa kasalukuyan ay may mga lipunang mukhang naliligaw ng landas. Kabilang

na rito ang ilang lipunan sa Asya at Aprika. Sa halip na taluntunin din nila ang daang patungo sa modernidad ng lipunang Amerikano sa kasalukuyan, gumagawa sila ng sariling landas na patungo sa sarili nilang modernidad. Tila baga may sarili silang mga talang sinusundan sa paghahangad nilang marating ang kanilang minimithing modernidad.

Ang hirap nito ay hindi naman tahasang masasabing naliligaw ng landas ang mga lipunang ito at pagkakamaling hindi na maaaring iwasto pa ang hindi nila pagtuntong sa daang patungo sa modernidad ng mga Amerikano. Ang totoo ay tinutuligsa na ngayon ang teoryang ito ng ebolusyon na nagsasabing dapat maging mistulang lipunang Amerikano ang isang lipunang naghahangad ng modernidad. Mga dalubhasang taga-Kanluran din ang bumabatikos sa ganitong pagpapakahulugan sa teorya ng ebolusyon sa matuwid na kaugnay ang ebolusyon ng isang lipunan sa angkin nitong kultural kung hindi sa isang uri ng kultura.

Naaayon ang ganitong haka sa kasalukuyang umiiral na kabatirang nagsasaad na tangi-tangi ang mga kultura sa daigdig. Batay sa ganitong pagkakatangi-tangi ng mga kultura ang pagkakahati-hati ng sangkatauhan. Hindi maaari, samakatuwid, na magkaroon ng iisa lamang na tunguhin ang mga pagbabago ng mga lipunan sa ngalan ng modernidad. Sa ganitong pananaw, ang ebolusyon ay pag-aangkop ng isang kultura sa likas nitong kapaligiran. Lumalabas na ang bagong teoryang ito ng ebolusyon ay isa ring papapaliwanag sa pagkakaiba-iba ng mga kultura sa ibat't-ibang panig ng daigdig sa iba't ibang panahon ng kasaysayan.

Ayon sa teoryang ito, pagsasayang lamang ng panahon at pagod ang paghahanap ng mga pangkalahatang kalakaran ng panlipunang debelopment sa isang pangmalawakang antas. Lahat ng pagbabagong pang-ebolusyon ay baha-bahagi lamang at hindi maaaring makalampas sa maaaring maaabot ng isang kultura. Gayunpaman, hindi nito ibig sabihin na hindi maaaring magkaroon ng mga pagbabagong magkakatulad sa mga kulturang magkakaiba. Kahit na magkakaiba ang mga kulturang ito kung ang kanila namang likas na kapaligiran ay magkakatulad, hindi dapat na ipagtaka ninuman ang paglitaw ng mga pagbabagong makakatulad sa mga kulturang ito. Malinaw na ang mga dalubhasang bumuo ng teoryang ito ng ebolusyon ay nakatingin sa tiyak at natatangi at hindi sa walang katiyakang pangkalahatang pagbabago.

Sa katunayan, walang maitutulong sa ating paglilimi hinggil sa problema ng debelopment sa Ilokos ang ganitong pagpapakitid sa katuturang nasasaklawan ng konseptong ito ng ebolusyon sa mga

may katiyakang pagbabagong panlipunan lamang. Kung itinaas lamang nila nang kaunti ang kanilang mga mata disin sana'y hindi nila nakaligtaan ang isang napakahalagang pangyayari sa kasaysayan ng sangkatauhan. Ito ang walang patid na pagyabong ng karunungan at ang panayang pagdami ng mga teknolohiya at ng mga kaluwagang pang-organisasyon sa pamamahala ng kabuhayang pangsambayanan. Sa kanilang pagbalangkas ng isa pang teorya ng ebolusyon, nakaligtaang isaalang-alang ng mga dalubhasang Kanluranin ang ganitong hindi maipagkakailang pangyayari sa kasaysayang pandaigdig.

Ganito man kagulo ang pagsasalungatan ng mga dalubhasang Kanluranin sa larangan ng pagbabagong panlipunan, mayroon ding mapupulot ang mga taga Silangan. Mga bagay na makatutulong sa ating pagsisikap na makarating sa ninanasa nating modernidad.

Sa pagtatagisan ng isip sa Kanluran lumalabas na walang sadyang katuturan ang "debelopment," "progreso," at "ebolusyon." Maliwanag na ang mga salitang ito ay walang iisang katuturang tinatanggap ng lahat. Dahil dito, ang mga taga Silangan man ay maaaring lumahok sa labanang ito ng mga katuturan. Malaya tayong bumuo ng isang katuturang maibibigay natin sa mga salitang ito, isang katuturang ating matatanggap sapagkat angkop sa karanasan nating pangkasaysayan, at puspusang maipagtatanggol para sa ating kapakanan at sariling kagalingan.

Alin sa dalawang katuturan ng ebolusyon na nasa harap natin ngayon ang ating aangkinin? Hindi ito sa palagay ko ang suliraning dapat o kailangan nating pakiharapan at ihanap ng kasagutan. Papaano naman kaya natin matatanggap ang isang pagpapakahulugang nagsasabing wala tayong kahihinatnan sa ebolusyon ng ating lipunan kung hindi muna natin itatakwil ang sa ating talaga at ariing atin ang kultura ng iba? Basta na lamang kaya nating maiiwan na parang maruming pinagbihisan ang kulturang ating kinagisnan? Hindi kaya tayo magmumukhang katawa-tawa kung atin namang isuot pagkatapos ang kultura ng may kultura? Kung lalabas lamang tayong gaya-gaya mabuti na marahil para sa atin ang makitid na pagpapakahulugan sa ebolusyon.

Sa paghubog ng ating kinabukasan maiaayon natin ang ating mga balakin sa sarili nating kultura. Ngunit ito ay paglalagay ng limitasyon sa maaari nating abutin sa sarili nating pagsisikap. Tila baga itinatakda natin ang pinakamalayong maaabot ng ating mga pagsisikap. Wala tayong kailangang gawin kundi ang iangkop ang ating kultura sa likas nating kapaligiran. Hindi tayo manghihiram ng anuman mula sa karunungang kasalukuyang lumalaganap sa buong daigdig sa katuwirang labas na ito sa umiiral nating kultura. Kung

magmumukha tayong gaya-gaya sa ilalim ng unang pagpapakahulugan sa ebolusyon, magmumukha naman tayong dahop sa ilalim ng ikalawa at lalong makitid na teorya ng ebolusyon.

Sa ganito kagulong katayuan na ating kinahantungan, malinaw na malinaw kung ano ang suliraning dapat nating harapin. Sapagkat walang maidudulot sa ating magaling ang ebolusyon sa una at ikalawa nitong kahulugan, wala na tayong magagawa pang iba kung hindi bumuo ng isa pang teorya ng ebolusyon na angkop sa ating mga mithiing nababatay naman sa kultura at kasaysayan ng ating lipunan. Hindi natin maiiwasan ang pagbuo ng isang teorya ng ebolusyon na magagamit nating gabay sa pagbabalangkas ng mga balaking makapaghahatid sa atin sa minimithing modernidad nang hindi tayo nagmumukhang gaya-gaya o kaawa-awang salat sa sariling bait. Papaano natin mabubuo ang teoryang ito ng ebolusyon? Anu-ano ang kailangañ nating isaalang-alang?

Unang-una, kailangan nating isaalang-alang ang ating sarili. Ang ibig sabihin nito ay ginagawa na natin ngayong sukatan ng lahat ng bagay ang ating sarili. Mula sa sandaling ito, titindig tayo sa sariling binuo at hinubog ng ating kultura sa ating lipunan sa kahabaan ng ating kasaysayan. Hinihingi ng paninindigang ito na ating paniwalaang tayo at tayo lamang ang tanging makapagsasabi kung anong uri ng kinabukasan ang dapat nating paghandaan.

Kung totohanan at hindi biru-biro lamang ang ating pagsasaalang-alang sa ating sarili, kakailanganin nating putulin ngayon din ang nakaugalian nating pasuling-suling na paghahanap ng makokopyang mga programa ng pagbabago tungo sa ninanasa nating kinabukasan. Dapat na nating talikuran ang pag-iisip tungkol sa ating kinabukasan na batay sa itinatadhana ng mga Kanluraning salitang katulad ng "debelopment," "progreso" o "ebolusyon." Sa nakita nating pagpapakahulugan sa mga salitang ito, wala tayong mahihitang magaling para sa ating sarili.

Kung ating babalangkasin ang mga balaking ukol sa napili nating kinabukasan nang ayon sa unang pagpapakahulugan sa ebolusyon, mapipilitan nating isaayos ang ating lipunan sampu ng ating kultura hanggang makatulad ng mga ito ang industriyalisadong lipunan at kultura ng mga Amerikano. Sa madaling salita, iwawala natin ang sariling atin at gagayahin natin ang mga Amerikano. Hindi ito tantong mahirap gawin. Sa katunayan ay marami nang mga Pilipino lubos na lubos ang pagkakagaya sa mga Amerikano. Ikinahihiya pa nga nila ang sarili nating kultura. Ikinaiinis nila ang kapalarang nagbunsod sa kanilang dito ipanganak sa Pilipinas.

Kung tayo naman ay paiilalim sa pinakitid na pagpapakahu-

lugan sa ebolusyon, mapipilitan nating takdaan ang dulo ng ating mga pagsisikap. Hanggang doon na lamang. Tila baga inaalis natin sa ating sarili ang karapatang magsagawa ng mga pagbabago sa balangkas ng ating lipunan at sa nilalaman at balangkas ng ating kultura. Dahil na rin sa ating kagagawan, mananatiling dahop ang kultura natin at kulelat sa kalipunan ng mga bansa sa daigdig ang sinasabi nating minamahal na bayan.

Pangkulturang pagpapakamatay kung hindi panlipunang pagpapatiwakal ang itinatadhana para sa atin ng mga Kanluraning konsepto ng debelopment sa kaakibat ng teorya ng ebolusyon na itinayo ng mga dalubhasa sa pagbabagong pangkultura. Bago tayo tuluyang makatulad ng mga Hawayanong naglaho na sa ibabaw ng lupa sa bisa ng napakabagsik na lason ng Amerikanisasyon, dapat na nating pag-isip-isipang kumalag sa mga konseptong Kanluraning katulad ng debelopment at ebolusyon.

Hindi naman totoong napakadahop ang ating kultura upang hindi tayo makabuo ng mga konseptong magagamit natin sa pagsasaisip ng mga pangkultura at panlipunang pagbabago na siyang makapaghahatid sa atin sa kinabukasang ninanasa natin. Sa wikang Iloko tinutukoy ang ganitong konsepto sa pamamagitan ng salitang "rang-ay." Sa Pilipinong karaniwang ginagamit sa ating Universidad ang salita ay "pag-unlad" o "kaunlaran." Ginagamit din sa Tagalog at sa Iloko ang "sulong" o "solong" sa kahulugang pagpapatuloy, halimbawa, sa kahabaan ng isang landas na patungo sa nais marating ng taong pasulong sa daang kanyang tinatahak.

Sa isipang Pilipino, ang pagsulong o pag-unlad ay may kahulugang nakatuon sa tao. Walang ganitong kalakip na kaisipan ang kanluraning konsepto ng "debelopment." Kung makapag-ani ang isang magsasaka ng 120 kabang palay sa halip na 25 kabang katulad ng inani niya noong tinalikdang taon, debelopment na ang kanyang nagawa. Hindi nauunawaan ng ating mga magsasaka kung bakit iyan ay tinatawag na debelopment. Sa kanilang pagkakaunawa ang ganitong pangyayari ay debelopment ng palay at hindi ng magsasaka. Nadebelop ang palay kaya't unag-uhay ito ng masagana.

Ano ang kinalaman niyan sa magsasaka?

Sagot ng propesor na napagtanungan ng isang magpapalay na taga Pulilan, Bulakan. "Kung dadami ang ani, dadami din ang palay na maipagbibili ng magsasaka. Dadami ang kanyang salapi. Yayaman siya."

Pakli ng magpapalay, "Ayaw po naming yumaman, sapagkat ang mayaman po ay walang kaibigan."

Mangyari pa, nauwi sa tawanan ang pagpupulong na tinawag sa ngalan ng debelopment. Kung pinulong lamang ang mga magsasaka at ang mga propesor sa ngalan ng pagsulong, disin sana'y hindi sa pagpapalaki ng ani napatuon ang talakayan. Malamang sa kalagayan ng tao sa Pulilan, Bulakan, napabaling ang usapan. Hindi sana natapos ang pulong sa pagtatawanan. Ngunit dahil debelopment ang nasa ulo ng mga marurunong, madali nilang nalimutang nasa Pilipinas sila. Ngunit kahit sa Kanluran may nagtatanong na rin ngayon kung para saan at kung para kanino ang debelopment, bagay na hindi na kailangan pang itanong kung pagsulong rin lamang ang pinag-uusapan dito sa Pilipinas. Alam na nating lahat na walang katuturang pag-usapan ang pagsulong kung hindi rin lamang tao ang paksa ng usapan.

Kung pag-uusapan ang pagsulong, hindi maiiwasang paksain ang sistema ng pagpapahalaga na siyang batayan ng pagtatakda kung saan patutungo ang isang tao sa kanyang pagsulong. Sinabi ng propesor sa magsasaka na dapat siyang magpalaki ng ani para siya yumaman. Ang inihaharap ng propesor sa kanyang kausap ay isang uri ng pagpapahalaga. Sa Kanluran, ito ang pagpapahalagang nagpapagalaw sa sistema nilang kapitalista at nagbubunsod sa mga taong magsikap na yumaman.

Nagulat ang ating propesor sa naging reaksiyon ng magsasaka sapagkat sa kanyang pag-aakala wala nang kahalagahang hihigit pa sa salapi, sa kayamanan. Ang magsasaka naman ay nainis sa pag-aakala niyang ipinalalagay ng propesor na siya ay "mukhang kuwarta." Para sa magsasakang yaon ang pagkakaroon ng kaibigan ay isang kahalagahang hindi matutumbasan ng kayamanan. Sa ganitong pagpipilian marahil nawawasak ang pinakamagagandang panukala ng mga eksperto ng pamahalaan para sa debelopment ng ating bayan.

Sa pagbuo natin ng isang teorya ng kaunlaran, dalawang bagay ang kailangan nating isaalang-alang. Isa rito ang tao, ang ating sarili. Ikalawa ang ating sistema ng pagpapahalaga. Hindi ang dami ng itlog na maaaring makuha sa isang manukan sa bawa't araw ang mahalaga kundi ang mga pagbabagong panlipunan sampu ng mga pagbabagong pangkultura na siyang nagtatakda kung ano ang magiging kalagayan ng pamumuhay ng isang tao sa isang lipunan sa isang panahon sa kasaysayan ng lipunang yaon. Ngunit dapat tandaang hindi lahat ng pagbabago ay pagsulong o pag-unlad. Sa magsasakang taga Bulakan ang kanyang pagyaman ay pagbabago ngunit hindi kaunlaran. Ang pagkakaroon niya ng kaibigan ang kaunlaran. Ang pagkakaiba ng pagbabagong basta pagbabago lamang at ang pagbabagong tungo sa kaunlaran ay nababatay sa sistema ng pagpapahalaga na umiiral sa lipunan.

Sa teoryang binubuo natin hinggil sa kaunlaran, ang isang pagbabago ay masasabing pagbabago sa kaunlaran kung ito ay naaayon sa sistema ng pagpapahalaga. May kasabihan tayong mga Pilipino na madaling maging tao ngunit mahirap magpakatao. Batay sa kaalamang pangsambayanang ito na nakapaloob sa kasabihang ito, masasabi nating ang kasalukuyang umiiral na sistema ng pagpapahalaga sa lipunan natin ay sa pagpapakatao nakasandig. Pagsulong, kung gayon, ang anumang pagbabagong pangkultura o panlipunang pagbabago kung ito ay makatutulong sa pagsisikap ng isang mamamayan na magpakatao.

Mapapansin nating walang panghabang panahong katiyakan ang salitang "pagpapakatao." Kung ating pagbabalikan ang mga nangyari na sa ating mga Pilipino sa kahabaan ng ating kasaysayan, makikita natin nang buong linaw ang sunud-sunod na pagbabago sa ating pagpapakahulugan sa salitang ito. Mahihinuha nating may sariling pagpapakahulugan sa "pagpapakatao" ang bawat henerasyon ng mga Pilipino magmula noong una hanggang ngayon.

Nitong nagdaang ilang taon may kadalasan nating naririnig ang ganito: "Sapagkat kami'y tao lamang." Ito ay mukhang pagbibigay dahilan o pagdedeskargo sa hindi makataong asal na naipakita ng mga nagsasabi nito. Ang ibig nilang sabihin ay "kahinaan" o "karupukan" ang ikalawang pangalan ng "Tao." Kasalungat naman nito ang pagpapaalalang "Magpakatao ka! " Ang paglitaw ng magkasalungat na kasabihang ito ay hindi nangangahulugang nagdadalawang isip ang mga Pilipino tungkol sa katuturang "pagpapakatao."

Kaysa "Sapagkat kami'y tao lamang! " lalong malaganap ang bukambibig na "Para ka namang hindi tao! " Hindi ito pagpapapuri sa isang tao dahil sa kanyang ipinamalas na kagandahang asal at tibay ng kalooban. Pakutyang pagpansin ito sa asal at tibay ng kalooban. Pakutyang pagpansin ito sa asal hayop na ipinakita ng isang dapat sanang nagpakatao.

Kahit may mapapansing pagkakaiba-iba ang pagpapakahulugan ng bawat henerasyon ng mga Pilipino sa "Pagpapakatao" nananatiling malinaw ang kaibhan ng tao sa hindi tao. Ang tao ay tao. Ang hindi tao ay hayop. At diyan nakasandig ang sistema ng pagpapahalagang pinanghahawakan ng mga Pilipino.

Ang bawat henerasyon ay may idinadagdag na bagong pagkakaunawa sa ibig sabihin ng "pagpapakatao." Tuwing magkakaroon ng bagong pagkakaunawa sa salitang ito, nagkakaroon din ng pagbabago sa balangkas ng lipunan at kung minsan may kasabay din itong pagbabago sa nilalaman at balangkas ng ating kultura.

Ang katuturan ng pag-unlad, ng "rang-ay," ay nasa pagkakaunawa ng mga Pilipino sa ibig sabihin ng "pagpapakatao."

Ayon sa ating teorya ng kaunlaran, ang pagsulong ng isang lipunan ay nababatay sa sistema ng pagpapahalaga na umiiral sa lipunang yaon. Sa lipunang Pilipino, nasa katuturang ibinibigay ng mga Pilipino sa "pagpapakatao" ang sandigan ng sistema ng pagpapahalaga. Ang ibig nitong sabihin ay walang pagsulong ang lipunan habang hindi nadadala ng mga mamamayan sa lalong mataas na antas ang kanilang pagkatao. Ang pag-unlad ng lipunang Pilipino ay nasa pag-aalis ng mga balakid na siyang nakapagpapahirap sa gawang pagpapakatao.

Ang pangunahing balakid na kailangang maalis ay pagkakapailalim ng maraming mga Pilipino sa mga puwersa ng kalikasan. Ang mga pagsisikap ng mga Pilipinong magpakatao ay walang salang mabibigo habang sunud-sunuran lamang sila sa hampas ng hangin, sa patak ng ulan at sa init at liwanag ng araw. Kung umulan nang katamtaman sa takdang panahon at kung sumikat ang araw sa panahong dapat itong sumikat, mag-aani ang magsasaka ng sapat na pantugon sa pangangailangan ng kanyang pamilya. Ngunit kung umulan nang pagkalakas-lakas at bumaha sa mga bukirin sa panahong dapat mahinog ang palay sa uhay, walang aanihin ang magsasaka at magkakagutom ang lahat ng mga umaasa sa kanyang ani.

Nasa ilalim ng mga kapangyarihang likas ang tao. Walang katiyakan ang kanyang kabuhayan. Hindi niya alam kung siya ay magugutom o kung siya ay kakain ng wasto sa takdang oras. Sa ganitong katayuan, hindi siya malayo sa hayop. Kapwa nila iniaasa ang kanilang buhay sa kalikasan. Kapwa rin silang mamamatay sa gutom kung sakaling ipagkait ng kalikasan ang kasaganaang siyang pang-agap sa buhay sa mga pulo at kaparangan ng ating bayan.

Matatakasan ng tao ang pagmamalupit ng kalikasan kung kanya lamang matutuhan na pamahalaan ang mga puwersang likas sa kanyang kagalingan at kapakanan. Halimbawa, maaaring magtulungtulong ang mga mamamayan sa paggawa ng mga dike at mga saplad at nang hindi sirain ng baha ang kanilang mga tanim sa pilapil. Maaari nilang ipunin ang tubig sa likod ng kanilang mga saplad at kung kailangan, mapawawalan nila ang tubig sa mga palayan. Hindi na nila kailangan pang iasa sa pagbuhos ng ulan ang kanilang pagtatanim. Makapag-aani sila ng dalawa o tatlong ulit isang taon.

Upang magawa nila ito, kailangan ng mga taong magkaroon ng siyensiya at teknolohiya. Sa siyensiya nila matututuhan ang takbo ng kalikasan, at sa pamamagitan ng teknolohiya magagamit nila ang mga puwersang likas para sa kanilang pangangailangan pangkabuhayan.

Sa kasamaang palad hindi lahat ng mga mamamayan ay may sapat na kayamanan para sila makapag-aral o talas ng isip para maunawaan nila ang takbo ng kalikasan. Kadalasan tuloy ang karunungang pangsiyensiya at pangteknolohiya ay naiipon sa kamay ng iilang mga mamamayan lamang. Sa Pilipinas man, ang karunungan ay kapangyarihan. Tulad ng dapat asahan, ginagamit ng iilang mga mamamayang ito ang hawak nilang karunungan upang alipinin ang nakararaming walang dunong. Sunud-sunuran lamang ang nakararami sa balanang iutos ng iilang makapangyarihan. Sa ganitong kaayusan, papaano naman kaya maaasikaso ng mga nasa ilalim ng kapangyarihan ng iba ang kanilang pagpapakatao?

Naisin man nila, mahirap na silang makaalpas sa mahigpit na pagkakapigil sa kanila ng iilang makapangyarihang siyang may hawak ng karunungang makapagliligtas sa kanila sa kalupitan ng kalikasan. Kung sakaling sila ay makalaya sa kaayusang panlipunan na nag-uugnay sa kanila bilang mga alipin sa mga naging panginoon dahil sa taglay na karunungan, ano naman kaya ang magiging kapalaran ng mga dahop sa karunungan sa gitna ng likas na daigdig? Sa katunayan ay wala silang mapagpipilian kundi kamatayan o pagkaalipin. Bilang mga alipin lamang sila makakapanatiling may buhay sa ibabaw ng lupa. Ganyan kasakit ang kapalarang kanilang kinasadlakan.

Tulad ng nasabi na ni Rizal, sa isang lipunang nahahati sa iilang namamanginoon at sa higit na nakararaming alipin, hindi maaaring magkaroon ng kaunlaran. Kung nais ng mga bumubuo ng lipunan na sila ay umunlad, kailangang umunlad din ang kanilang lipunan. Mangyayari lamang ito kung ang kaayusan ng lipunang kanilang kinabibilangan ay magbabago. Kailangang maging pantay-pantay ang lahat sa lipunan. Walang panginoon. Wala rin alipin. Bukas sa pagtatamasa ng lahat ang karunungang kailangan sa pagunawa sa takbo ng kalikasan at sa pamamahala ng mga puwersang likas sa ikagagaan ng buhay para sa lahat ng kaanib sa lipunan.

Kapag narating na na lipunan ang ganitong antas ng kaunlaran, ng rang-ay, malaya nang makahaharap ang lahat sa gawaing pagpapakatao. Kung may mararating pa silang lalong mataas na antas ng kaunlaran, mababatay na ito sa sistema ng pagpapahalaga na siyang makapagtuturo sa kanila kung nasaan ang landas at kung saan dapat tumungo ang tao sa kanyang pagsulong at kung ano pang mga pagbabago ang kanilang maisasagawa sa kanilang lipunan at sa kanilang kultura.

Magpapatuloy nang walang patid ang kaunlarang panlipunan, sapagkat walang salang makakatagpo pa ang mga Pilipino ng bagong pang-unawa sa katuturan ng pagkatao na higit na masulong kaysa alinman sa mga natagpuan na nila.